

Madalas na Tinatanong na Mga Katanungan ukol sa Clear Alleys na Programa

Ano ang Programang Clear Alleys?

Ang City of Seattle ay nakikipagpartner sa mga lokal na kompanya ng nangongolekta ng basura at mga kustomer ng downtown na pakontihin ang pagtatabi ng mga lalagyanan ng basura sa pampublikong karapatan sa daan (right-of-way). Ang mga layunin ng programa ay upang:

- Lumikha ng mas malinis, mas maligtas na mga distrito ng pangangalakal
- Pababain ang pangyayari ng mga pag-aasal na di-sibilisado at mga aktibidad na labag sa batas sa mga eskinita.
- Palakihin ang pagiging kaakit-akit ng mga eskinita para sa kagamitan ng mga naglalakad
- Pagpayagan ang mas mabuting paggamit sa eskinita para sa mga serbisyong pangangalakal gaya ng mga paghahatid at posibleng pagpapalawak ng aktibidad na pangangalakal

Sino ang mga maapektuhan?

Ang bagong Batas ng Direktor ay nagbabawal ng permanenteng pag-iimbak ng lalagyan ng mga itinapon sa mga pampublikong right-of-ways (karapatan ng makiraan sa ari-arian ng iba) ng mga magkakalapit-bahay ng Downtown, Belltown, at Pioneer Square. Pakitingnan ang lugar/saklaw na mapa ng programa. Ang programang ito ay nakakaapekto sa iyo kung ang iyong kalakal o gusali ng apartment sa mga magkakalapit-bahay na ito at ikaw ay naglalagay sa dumpster (pinagtatapanan ng basura), plastik na kariton, o kahit na anong lalagyan/pagsisidlan na nasa right-of-way (karapatan ng makiraan sa ari-arian ng iba) na walang permiso sa paggamit ng daan/kalye (street use permits). Ang mga street use permits (permiso sa paggamit ng daan/kalye) ay madalas na ibinibigay ng City (siyudad) para sa temporaryong paglalagay ng mga sisidlan para sa construction at demolition (C&D) (konstruksiyon at demolisyon) na mga itatapon na materyales. Kung hindi ka nag-iimbak ng isang lalagyan/sisidlan sa pampublikong right-of-way (karapatan ng makiraan sa ari-arian ng iba) o mayroon kang street use permits (permiso sa paggamit ng daan/kalye) para sa iyong C&D na mga lalagyan, kung gayon, ang batas na ito ay hindi ganap na nakakaapekto sa iyo.

Kailan mangyayari ang mga pagbabago na ito sa pangongolekta sa basura?

Simula ng Abril 2009, ang batas ay magbubunsod ng mga hangganan sa pag-iimbakan ng mga lalagyan sa mga nakatukoy na mga distrito ng kalakal ng Downtown, Belltown, at Pioneer Square. Ang City (siyudad) ay magkakaroon ng bagong mga kontrata sa pangongolekta ng basura simula ng Marso 30, 2009 upang makapaghandog sa mga maapektuhan na mga kostumer ng mga bagong alternatibong serbisyo tulad ng prepaid (bayad na) mga bag na kokolektahin hanggang tatlong beses sa isang araw sa mga magkakalapit bahay na ito. Ang mga kostumer ng basura ay kokontakin ng bagong tagabigay ng serbisyo upang ipaalam sa kanila ang mga opsiyon ng serbisyo at transisyon na mga plano sa Pebrero 2009.

Mayroon bang paraan upang hindi maisama sa bagong pangangailangan?

Walang pagkakuwera sa obligayon na ibibigay para sa pag-iimbak ng lalagyan ng basura sa pampublikong right-of-way (karapatan ng makiraan sa ari-arian ng iba) sa loob ng mga natukoy na kalakal. Subalit, ang mga kinokolekta na lalagyan para sa gamit na mantikang panluto na natatamo ang pampubliko at pangkalikasan na pangangailangan para sa kalusugan ay hindi kasali dahil sa kategoriyang kinabibilangan. Ang pagkakuwera o pagkakaliban ay maaari ring igawad ng SPU para sa cart containment (nilalaman ng kariton) ng mga sumusunod na materyales:

- 1) May etiketang mga kariton (32, 60 o 90 na galon) na may nakasaradong masikip na mga takip na magsasaad ng paghihiwalay ng mga klase ng mga patapon na tira-tirang pagkain/may dumi na pagkain na mga papel at tinabas tabas na nagmula sa bakuran kung walang on-site (sa mismong lugar) na pag-iimbakan sa isang pribadong propyedad (property) na maaaring makuha kapag nasiyasat ito ng city (siyudad).
- 2) May etiketang mga kariton (32, 60 o 90 na galon) para sa kasangkapang babasagin kung walang on-site (sa mismong lugar) na pag-iimbakan sa isang pribadong propyedad (property) na maaaring makuha kapag nasiyasat ito ng city (siyudad).
- 3) May etiketang mga kariton (32, 60 o 90 na galon) para sa dumi ng mga hayop kung walang on-site (sa mismong lugar) na pag-iimbakan sa isang pribadong propyedad (property) na maaaring makuha kapag nasiyasat ito ng city (siyudad).

Lahat ng mga kostumer na interesado sa pagkuha ng pagkakaliban o pagkakuwera para sa cart containment (nilalaman ng kariton) ng mga organic (natural) na dumi, babasagin (glass), at dumi ng hayop at pagmatagalang panahon na pag-iimbak sa mga pampublikong mga kalye ay kailangang kontakin ang Seattle Public Utilities. Ang kakulangan ng on-site (sa mismong lugar) na pag-iimbakan na lugar ng mga kariton sa isang pribadong propyedad (property) ay kailangang siyasatin. Ang katagalan (age) ng isang gusali ay magiging isang batayan kung bibigyan o hindi ng SPU ng pagkakaliban dahil lahat ng gusali na ginawa o sumailalim ng malaking pag-reretoke pagkatapos ng 2000 ay nag-iit na madisenyong may lugar para sa pag-recycle (pag-gamit muli ng gamit na mga bagay) at mga basurahan.

Sino ang aking kokontakin para sa pagkaliban?

Maaring kontakin si Tom Gannon ng Seattle Public Utilities sa (206)684-3453 o sa e-mail sa SPUClearAlleys@Seattle.Gov.

Anong laki ng mga pre-paid(binayaran na) na mga bag at magkano ang magiging halaga nila para sa pag kolekta ng basura?

Ang mga bag para sa basura ay magiging sa dalawang kalaki: 33-na gallon na mga bag (33” by 39”) ay magkakahalaga ng \$5.00; at ang 15-na gallon na mga bag (24” by 32”) ay magkakahalaga ng \$3.50.

Ano ang mga limitasyon sa bigat ng mga pre-paid (binayaran na) na mga bag?

Ang limitasyon sa bigat para sa 33-galon na bag ay 40 lbs (libra) at ang limitasyon sa bigat ng 15-galon na bag ay 20 lbs (libra).

Paano inoorder ang mga bag na adelantadong nabayaran?

Kokontakin mo ng direktso ang iyong bagong kumpanya na mangongolekta ng basura para sa mga order mo ng bag at pagpapadala nito. Kung ang iyong kumpanya ng pangongolekta ay ang Cleanscapes, maaari mo silang kontakin sa (206) 250-7500 o sa pagpunta mo sa cleanscapes.com. Ang Waste Management (pangangasiwa na basura) na mga kostumer ay maaaring magpunta sa www.wmnorthwest.com/seattlecap o tumawag sa (800) 592-9995 ext. 777.

Magkano ang magiging singil sa akin ng Programang Clear Alleys?

Ang talaan na ito ay pinapakita ang halagang buwanang serbisyo para sa pangangalakal na akawnt na ‘non-compacted’ na basura na mayroong isang paghahakot bawat lingo. Pinapakita ng talaan ang kasalukuyang halaga ng basura at bagong mga halaga ng dumpster na magkakaroon ng bisa sa Marso 30, 2009. Ang talaan ay gumagamit ng pagpapalit na humigit-kumulang na 6 na punong 33-galon na mga bag na patas sa isang yardang kubiko, ipagpapalagay na ang kadami ng basura ay mababawasan ng 10% at kasama dito ang mga singil sa serbisyo ng akawnt.

Buwanang mga Babayaran

	Dumpster 1/1/09-3/29/09	Dumpster 3/30/09-12/31/09	Pagpiling Adelantadong Nabayaran na Bag
1 Yardang Kubiko	\$ 117.72	\$ 149.00	\$ 131.66
3 Mga Yardang Kubiko	\$ 267.97	\$ 332.15	\$ 365.48
6 Mga Yardang Kubiko	\$ 464.72	\$ 606.90	\$ 716.21

Ang mga halaga para sa maraming-pamilya na mga panggusaling residensiyal ay nagpapakita ng magkapareho bagaman hindi eksaktong kaayusan ng halaga sa naipakita diyari sa itaas para sa mga kustomer ng basura sa pangangalakal. Sa karagdagan, ang serbisyong adelantadong nabayaran na bag ay isang “pay-as-you-throw” na sistema kaya hindi ka sisilingin para sa ano mang hindi nagamit na lugar sa iyong lalagyanan na di ito kagaya ng dumpsters. Ang sistemang nabayaranang adelantado na bag ay papayagan kang makilala ang iba pang mga posibilidad na magagamit sa pagtatapon ng basura at pagkaposible para sa pagbababa pa sa mga singilin sa iyo.

Paano naman ang sa mga basura na hindi magkasya sa adelantadong nabayaran na bag?

May mga tag para sa koleksyon na maaring gamitin para sa mga bagay na may timbang ng mas magaan sa 60 na libra na hindi kasya sa bag. Para sa mas malalaking bagay maari kang humiling ng espesyal na pangongolekta. Pakikontak ang bago mong kumpanya na nangongolekta ng basura.

Ang akin bang bagong kompanya ng nangongolekta ng basura ay magiging aking tagahakot ng recycling o basurang pagkain din?

Mga pang-komersyal na kalakalan ay maaring gumamit ng kahit anong kompanya na nangngolekta ng recycling (paggamit muli ng mga basura) na kanilang pinili, ngunit walang pang kompanyang mga lalagyan ay maaring i-imbak sa nararapat na daanang pampubliko maliban kung may pagkakaliban na nakuha ang kostumer para sa mga tirang pagkain, babasagin o duming galing sa hayop pagkatapos ng beripikasyon ng syudad na walang espasyo sa lugar na puwedeng gamitin.

Saan ako makakakuha ng payo kung paano makakaipon ng pera sa mga singil sa basura at pangasiwaan ang aking basura?

Para sa impormasyon kung paano makatipid ng pera sa pamamagitan ng pagbawas sa basura at recycling (paggamit muli ng basura) ng mas madami, kontakin ang Resource Venture. Bisitahin ang kanilang website sa resourceventure.org o kontakin sila sa (206) 343-8505 o help@resourceventure.org .

Pakibigyang pansin na wala sa mga pagbabagong ito ay na mangyayari hanggang sa March 30, 2009 at hindi ka maaapektuhan kung nakaimbak ang inyong mga lalagyan sa pribadong pag-aari.